Tungkulin mo ang makinig at ang tumalima sa hirap mo at ginahawa mo, ayon sa kalooban mo at laban sa kalooban mo, at [kahit] may itinatangi higit sa iyo.

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya: "Tungkulin mo ang makinig at ang tumalima sa hirap mo at ginahawa mo, ayon sa kalooban mo at laban sa kalooban mo, at [kahit] may itinatangi higit sa iyo."
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Sa ḥadīth na ito, nasaad na isinasatungkulin sa Muslim ang makinig at ang tumalima sa mga namamahala sa lahat ng kalagayan hanggat hindi inaatasang sumuway [kay Allah] o inaatangan ng hindi nakakaya, kahit pa man may kahirapan sa kanya doon magkaminsan o pagkawala ng ilan sa mga karapatan niya, bilang pagpapauna sa kapakanang panlahat kaysa sa kapakanang pansarili.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/6368